PHILIP MORRIS INTERNATIONAL



# Ang Ating Pamantayan sa Pag-uugali:
## Paghahatid ng isang walang usok na hinaharap nang may integridad

# Mga Pagpapahalaga at Importanteng Gawi ng PMI DNA

## Ang ating layunin: Maghatid ng isang walang usok na hinaharap

### May Malasakit Tayo

**Kamalayan sa sarili:** Kilalanin ang ating sarili, magkaroon ng kamalayan sa epekto natin sa iba, pinamamahalaan natin ang ating mga emosyon at pag-uugali para umunlad ang lahat

**Ingklusibo:** Gawing layunin na maghanap, makinig, at matuto mula sa magkakaibang pananaw upang makamit ang pinakamagandang resulta

**Magkaroon ng malasakit:** Kumilos nang may pag-iingat, unawain ang iba, at maging sensitibo sa kanilang mga pangangailangan

### Mas Mahusay Tayo Kung Sama-sama

**Tiwala:** Bumuo at magpanatili ng tiwala sa pamamagitan ng ating mga pagkilos, pagiging transparent, matapat, at bukas na komunikasyon

**Magtulungan:** Maging disiplinado at isantabi ang mga pagkamakasarili, alisin ang mga pagkakanya-kanya, piliin ang pangmatagalan sa halip na panandaliang panahon, at magsama-sama para sa iisang layunin

**Magdiwang:** Tukuyin ang mga tagumpay (malaki at maliit) sa tamang panahon, kung saan kinikilala at pinahahalagahan ang mga kontribusyon ng lahat

### Tayo ang Maghahatid ng Pagbabago

**Tanggapin ang hamon:** Matapang at determinadong kumilos para mag-inoba at mag-antala

**Maging listo:** Magsagawa ng inisyatiba at mga pinag-isipang pakikipagsapalaran, pag-eksperimento, at pag-angkop, at matuto mula sa mga pagkakamali

**Maghatid ng epekto:** Masiglang kumilos patungo sa paghahatid ng mga resulta, gawin ang mga bagay, at magkamit ng epekto sa kabila ng mga hamon at hirap

# Mga Nilalaman


## Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika ........ 2
Pagpigil sa diskriminasyonAng ating kultura at mga prinsipyo sa etika ........ 3
Isang mensahe mula sa ating Chief Executive Officer ........ 4
Isang mensahe mula sa ating Chief Compliance Officer ........ 5

## Pagsasabuhay sa ating Pamantayan ........ 6
Bakit tayo may Pamantayan sa Pag-uugali? ........ 7
Kanino nalalapat ang ating Pamantayan? ........ 7
Ano ang ating mga responsibilidad? ........ 8
Pagsunod sa mga batas at regulasyon ........ 10
Paggawa ng mga desisyon sa Paraan ng PMI ........ 11

## Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin ........ 12
Pagsasalita sa PMI ........ 13
Zero tolerance sa paghihiganti ........ 14
Mga pagsisiyasat ng maling pag-uugali ........ 14
Pandisiplinang aksyon ........ 15
Mga waiver ........ 15

## Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho ........ 16
Pagtanggap sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagiging kabilang ........ 17
Paggalang sa mga karapatang pantao ........ 18
Pagpigil sa diskriminasyon, panliligalig, at pananakot ........ 19
Pagpapanatiling ligtas, malusog, at protektado sa lugar ng trabaho ........ 21

## Paghahatid nang may integridad sa ating merkado ........ 24
Pagbibigay ng mga de-kalidad na produkto ........ 25
Pag-market ng ating mga produktong tabako at produktong naglalaman ng nikotina sa responsableng paraan ........ 26
Pagsasagawa ng mahusay na agham na mapagkakatiwalaan ng mga tao ........ 27
Pakikipagtrabaho sa mga supplier ........ 28
Pagpigil sa panunuhol at katiwalian ........ 29
Pakikipagkompitensya nang tapat at patas ........ 32
Pag-iwas sa mga salungatan ng interes ........ 33
Paglaban sa money laundering at ipinagbabawal na pakikipagkalakalan ........ 36
Pagsasagawa ng negosyo na may integridad ........ 37
Pakikipagnegosyo sa gobyerno ........ 38

## Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder ........ 40
Pagpapanatili ng mga tumpak na talaan ng negosyo ........ 41
Pag-iingat ng personal na datos ........ 43
Pag-iingat sa ating mga pinansyal na asset ........ 44
Pagprotekta sa ating mga asset na impormasyon ........ 45
Pagprotekta sa ating mga pisikal at elektronikong asset ........ 47
Pagpigil sa pangangalakal ng tagaloob ........ 49
Pakikipag-usap tungkol sa at sa ngalan ng PMI ........ 50

## Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad ........ 53
Pagtuon sa sustainability ........ 54
Pagprotekta sa ating kapaligiran ........ 55
Pagbabalik sa ating mga komunidad ........ 56
Paglahok sa prosesong pampulitika nang responsable ........ 57

## Mga madudulugan ........ 59



# Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika



Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga madudulugan

# Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Ang Pamantayan ng Pag-uugali ng PMI (ang "Pamantayan") ang pundasyon ng "Paraan ng PMI" sa paggawa ng negosyo. Nakasaad sa Pamantayan na dapat magsagawa ang mga direktor, opisyal, at empleyado ng PMI ng mabuting etikal na paghuhusga kapag nagsasagawa ng negosyo sa pamamagitan ng paglalapat sa ating mga prinsipyo sa etika na **katapatan**, **paggalang** at **pagiging patas**. Ang tatlong prinsipyong ito ay nakapaloob din sa DNA ng PMI.

## Katapatan

Kinakailangan ito para sa kredibilidad: maaari at dapat bang paniwalaan tayo ng mga tao sa loob at labas ng Kumpanya? Walang gustong makipagtulungan, tumanggap ng payo, o bumili ng mga produkto mula sa isang taong nagbibigay ng mga maling impormasyon.

## Paggalang

Nararapat na igalang ang lahat ng tao, at gayundin ang mga ideya. Ang paggalang ay tungkol sa dignidad, pagtanggap, malasakit, at pag-unawa. Ang matinding hindi pagkakasundo, hamon, at maging salungatan ay may hatid na positibong pag-unlad kapag sinamahan ng paggalang, ngunit nakakasira kapag wala niyon.

## Pagiging Patas

Maaaring hindi patas sa pakiramdam ng iba ang isang bagay na patas para sa isang tao. Ang pagiging patas ay nangangailangan ng pag-iisip tungkol sa lahat ng may kinalaman o apektado ng isang desisyon. Ang pagiging patas ay nangangailangan ng pagsasaalang-alang sa lahat ng pangyayaring kinakaharap ng mga tao. Hindi patas ang hindi pantay na pagpapatupad ng mga patakaran, gayundin ang pagbubukod sa mga tao o sa kanilang mga ideya dahil sa kanilang mga indibidwal na katangian.

Hindi masasaklaw ng ating Pamantayan ang bawat posibleng isyu na kinakaharap natin sa ating trabaho, ngunit dapat nating gamitin ang Pamantayan at ang ating mga prinsipyo sa etika bilang mga kasangkapan upang matulungan tayong makapagsagawa ng mabuting etikal na paghuhusga kapag nahaharap sa isang mabigat na desisyon. Bago gumawa ng aksyon, dapat tayong maging kumpiyansa palagi na sumusunod ito sa ating Pamantayan at naaayon sa ating mga prinsipyo sa etika. Sa pagsasagawa nito, matitiyak na makakapaghatid tayo ng walang usok na hinaharap *nang may integridad*.

Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga madudulugan



# Isang mensahe mula sa ating Punong Ehekutibong Opisyal

Mga Minamahal na Kasamahan,

Pinagkakaisa tayo sa PMI ng ating karaniwang layunin na makamit ang pagbabago sa negosyo na maghahatid ng magandang bagay sa industriya. Isa itong kapana-panabik na panahon para sa PMI, at ipinagmamalaki ko ang karangalan na pamunuan ang ating Kumpanya patungo sa pagkamit ng ating mithiing walang usok na hinaharap.

Gaya ng batid na ninyo, hindi nawawala ang mga hamon sa mga ganitong mapangarap na pagsisikap. Kinakailangan sa transpormasyon ang mga pakikipagsapalaran, pagharap sa kawalang-katiyakan, at, kung minsan, pagtanggap sa kabiguan. Mabuti na lang, mahigit sa lahat, pinagkakaisa rin tayo sa PMI ng ating paninindigan sacompliance, ethics, at integridad, na pormal na nakadokumento dito sa ating Pamantayan sa Pag-uugali.

Sa buong pagsisikap ng PMI para sa transpormasyon at pagkatapos nito, napakahalaga na kapag nahaharap tayo sa mga hamon, bumabatay tayo sa ating mga prinsipyo sa etika na katapatan, paggalang at pagiging patas. Napakalaki ng nakataya kapag nakompromiso ang ating mga prinsipyo sa etika. Isinasapalaran natin ang tiwalang nabuo natin sa isa't isa, sa ating mga konsumer, sa ating mga shareholder, at sa ating mga komunidad. Samakatuwid, inaasahan namin ang mga natatanging resulta na makukuha lamang sa ganap na pagsunod sa sinasabi at diwa ng mga naaangkop na batas at regulasyon, ating mga panloob na patakaran, at ating mga prinsipyo sa etika.

Nakasaad sa ating Panuntunang ito ang ating mga prinsipyo at nakabalangkas dito ang mga tuntunin at patnubay na dapat nating sundin sa PMI. Kung mayroon kayong anumang tanong o alalahanin tungkol sa ating Panuntunan, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong manager, inyong katuwang sa negosyo sa P&C, o inyong katuwang sa Ethics & Compliance.

Salamat sa inyong patuloy na paninindigan sa compliance, ethics, at integridad sa PMI.

Taos-puso,
**Jacek Olczak**




**Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika**

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan



# Isang mensahe mula sa ating Punong Opisyal sa Pagsunod

Mga Minamahal na Kasamahan,

Nakabalangkas sa ating Pamantayan kung paano tayo dapat kumilos. Responsibilidad ng bawat isa sa atin na alamin at paninindigan ang mga prinsipyong nakabalangkas sa Pamantayang ito.

Gaya ng makikita mo sa mga sumusunod na pahina, isinaayos ang ating Pamantayan nang ayon sa ating paninindigan sa paghahatid ng walang usok na hinaharap *nang may integridad* sa bawat isa sa mga sumusunod na aspeto ng ating negosyo: sa ating mga lugar ng trabaho, sa ating marketplace, para sa ating mga shareholder, at para sa ating mga komunidad kung saan tayo nagnenegosyo. Sa PMI, bahagi tayong lahat ng ethics at complianceteam—nasa bawat isa sa atin, bilang mga indibidwal, na kumilos sa etikal na paraan at sumunod sa lahat ng naaangkop na batas, regulasyon, at patakaran.

Kapag nakakita ka ng isang bagay na sa tingin mo ay isang aktwal na paglabag—o kahit isang potensyal na paglabag—sa isang batas, regulasyon, o panloob na patakaran, magsalita ka. Ginagawa natin ang tama sa pamamagitan ng paninindigan para sa isa't isa, pagkilos nang may integridad, at pagtataguyod ng ating Pamantayan.

Tandaan na hindi ka nag-iisa. Maraming madudulugan sa PMI na narito para tulungan ka, kasama ang iyong manager at ang iyong Lokal na Opisyal sa Pagsunod.

Ngayon pa lang ay nagpapasalamat na ako para sa pagsunod sa ating Pamantayan at pagtulong sa PMI na maghatid ng walang usok na hinaharap nang *may integridad*.

Taos-puso,
**Michael Gyr**




Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan



# Pagsasabuhay sa ating Pamantayan


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

**Pagsasabuhay sa ating Pamantayan**

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Bakit tayo may Pamantayan sa Pag-uugali?

## Tinutukoy ng ating Pamantayan kung sino tayo at kung paano tayo nagnenegosyo.

Nagbibigay ito ng road map sa mga direktor, opisyal, at empleyado ng PMI para sa etikal na pagsasagawa ng negosyo sa ngalan ng mga kumpanya, subsidiary at affiliate ng PMI sa buong mundo. Dapat gamitin ang dokumentong ito bilang isang pangunahing mapagkukunan na makakatulong sa paggabay sa pagsasagawa sa ating pang-araw-araw na aktibidad sa pagnenegosyo sa PMI.

Gumamit ng sentido komun at mabuting paghuhusga sa paglalapat ng Pamantayang ito. Hindi sinasaklaw ng ating Pamantayan ang bawat sitwasyon na maaaring mangyari. Naka-highlight sa buong Pamantayan ang mga karagdagang mapagkukunan at impormasyon, kabilang ang mga link sa mga nauugnay na panloob na Patakaran. Walang sinuman sa atin ang inaasahang magkakaroon ng lahat ng sagot, at ayos lang iyon—basta't makikipag-ugnayan tayo sa naaangkop na kaugnayan para sa tulong kapag kailangan natin ito.



## Kanino nalalapat ang ating Pamantayan?

Nalalapat nang pantay-pantay ang ating Pamantayan sa lahat ng direktor, opisyal, at empleyado ng PMI. Sa kabuuan ng dokumentong ito, tumutukoy ang "PMI" at "Kumpanya" sa Philip Morris International, Inc. at sa mga direkta at hindi direktang subsidiary at affiliate nito. Nalalapat ang mga katulad na mataas na etikal na pamantayan sa lahat ng indibidwal sa PMI, anuman ang titulo sa trabaho o antas sa Kumpanya.

Ang mga kasosyo sa negosyo ng PMI, tulad ng mga kontratista, consultant, vendor, supplier, at anumang iba pang ikatlong partido na kumikilos sa ngalan ng PMI, ay inaasahang susunod sa diwa ng ating Pamantayan, gayundin sa ating Mga Prinsipyo sa Responsableng Pagkuha at mga probisyong kontraktwal, kung naaangkop.

# Ano ang ating mga responsibilidad?



## Mga responsibilidad ng indibidwal

May pananagutan ang bawat isa sa atin sa PMI sa pagbabasa, pag-unawa, at pagsunod sa sinasabi at diwa ng ating Pamantayan. Sa partikular, ang mga indibidwal sa PMI ay inaasahang:

- Sumunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon, sa ating Pamantayan, at mga Patakaran ng PMI;
- Humingi ng patnubay mula sa iyong manager o iba pang naaangkop na kaugnayan, gaya ng iyong Local Compliance Officer, kapag mayroon kang mga tanong;
- Magsalita ka upang mag-ulat ng mga aktwal o potensyal na paglabag sa mga naaangkop na batas at regulasyon, sa ating Pamantayan, o mga Patakaran ng PMI;
- Makipagtulungan sa mga internal investigation, pag-audit, pagsusuri sa accounting, at iba pang katulad na katanungan; at
- Kumpletuhin ang lahat ng itinalagang kurso ng pagsasanay sa Ethics & Compliance.

Sa PMI, walang katanggap-tanggap na dahilan para sa paglabag sa mga naaangkop na batas at regulasyon, sa ating Pamantayan, o sa ating mga Patakaran, kahit pa ang paggawa nito ay para matugunan ang mga layunin sa negosyo, target, at iba pang hakbang sa pagganap.



Bilang isang manager, ikaw ang etikal na huwaran at may responsibilidad sa pagbuo ng kultura ng tiwala at ethics sa iyong mga team. Ang paraan ng pagpapakita mo ng iyong pagtuon sa mga prinsipyo sa etika ng PMI ay nagtatakda ng mga pamantayan para sa etikal na pag-uugali at pagtitiwala na susundin ng iyong team.

Sa partikular, inaasahang gagampanan ng mga manager sa PMI ang mga sumusunod na karagdagang responsibilidad:

- Ipaalam ang iyong personal na suporta para sa ating mga prinsipyo sa etika at layunin at maging malinaw na inaasahan mo ang mga pagkilos na naaayon sa mga ito.
- Tulungan ang iyong team na maunawaan ang mga inaasahan ng PMI para sa etikal na pag-uugali at kung paano ilalapat ang mga naaangkop na batas at regulasyon, ang ating Pamantayan at mga Patakaran sa PMI sa kanilang pang-araw-araw na gawain.
- Maglingkod bilang isang halimbawa sa iyong team sa kung ano ang ibig sabihin ng kumilos nang may integridad, alinsunod sa ating mga prinsipyo sa etika at sa pagsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon, ating Pamantayan at mga Patakaran ng PMI.
- Maging bukas, handa, at tumutugon sa mga alalahaning ipinararating. Tukuyin at ipaabot sa angkop na kontak ang mga alalahanin, kung naaangkop.
- Tiyakin ang pag-unawa at pagkumpleto ng mga miyembro ng iyong team sa lahat ng itinalagang kursong pagsasanay sa Ethics & Compliance.

Bilang isang manager, puwede kang lapitan ng mga miyembro ng iyong team o iba pang empleyado para sa mga alalahaning nauugnay sa pagsunod. Kapag nangyari ito, dapat mo silang suportahan at tulungan na makahanap ng sagot, ngunit kung may bagay pang kailangang imbestigahan, mangyaring huwag gawin ito at makipag-ugnayan sa Pagsunod upang patas na maimbestigahan at matugunan ng naaangkop na tauhan sa Ethics & Compliance ang alalahanin.



Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
**Pagsasabuhay sa ating Pamantayan**
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga madudulugan

# Pagsunod sa mga batas at regulasyon





Bilang isang multinasyunal na korporasyon na nagpapatakbo sa humigit-kumulang 175 merkado sa buong mundo at nakalista sa New York Stock Exchange, maraming batas at regulasyon ang nalalapat sa ating negosyo, kabilang ang ilang partikular na batas sa U.S. saanman tayo nagpapatakbo. Sa PMI, nakatuon tayo sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon.

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa mga batas at regulasyon na naaangkop sa iyo o sa iyong negosyo o kung mayroon kang anumang alalahanin tungkol sa mga potensyal na salungatan ng batas, makipag-ugnayan sa Legal & Compliance Department.



Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

**Pagsasabuhay sa ating Pamantayan**

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Paggawa ng mga desisyon sa Paraan ng PMI

Humihinto muna tayo bago kumilos. Kailangang matatag sa pagsubok ng panahon ang mga desisyon natin. Bago gumawa ng pinal na aksyon, tanungin ang iyong sarili:



*Pumili ng sagot sa bawat tanong sa ibaba.*

Oo | **Legal ba ito?** Sinusunod ba nito ang lahat ng naaangkop na batas at regulasyon? | Hindi

Oo | **Ito ba ay moral, etikal, at naaayon sa ating Pamantayan, mga Patakaran, at mga prinsipyo sa etika sa PMI?** Naaangkop ba ito sa Paraan ng PMI sa pagnenegosyo at sa ating Pamantayan? | Hindi

Oo | **Magiging komportable ka ba na ipaliwanag ang iyong mga aksyon sa isang miyembro ng pamilya o kaibigan, o kung isasapubliko ang mga detalye?** | Hindi

Oo | **Makakatulong ba ito sa PMI na makamit ang ating mga layunin habang pinapaganda ang ating kultura at reputasyon?** | Hindi


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

**Pagsasabuhay sa ating Pamantayan**

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan



# Pagtatanong at paguulat ng mga alalahanin


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

**Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin**

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Pagsasalita sa PMI

## Ang pagsasalita ay isang mahalagang bahagi ng ating mga trabaho.

Bilang isang empleyado ng PMI, may responsibilidad kang magsalita kung may nalaman kang anumang pinaghihinalaang potensyal o aktwal na paglabag sa batas, sa ating Pamantayan sa Pag-uugali, o alinman sa ating mga Patakaran. Umaasa kami sa iyo na iuulat mo ang mga bagay na ito upang matugunan namin ang mga ito. Sa PMI, sineseryoso natin ang lahat ng pag-uulat nang may mabuting hangarin ng naobserbahan o pinaghihinalaang maling pag-uugali, sinuman ang sangkot, at iniimbestigahan natin ang lahat ng paratang tungkol sa pagsunod nang naaayon sa mga itinakdang pamantayan at alituntunin.

Ang mga empleyado ng PMI ay maaaring magtanong, maghain ng mga alalahanin o, kung pinahihintulutan ng batas, mag-ulat ng mga pagkakataon ng naobserbahan o pinaghihinalaang maling pag-uugali, kabilang ang hindi pagsunod sa ating Pamantayan sa Pag-uugali, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa alinman sa mga sumusunod:

- Sa iyong superbisor, pinuno ng departamento, o affiliate o pamunuan ng tungkulin;
- Iyong pangunahing kontak sa PMI Ethics & Compliance;
- Sa kumpidensyal na email address ng Ethics & Compliance ng PMI sa PMI.EthicsandCompliance@pmi.com; o



- Sa PMI Compliance Help Line, na isang ikatlong partido na pinapatakbong channel sa pag-uulat na magagamit 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, sa lahat ng wikang sinasalita sa PMI. Maaari kang makipag-ugnayan sa Help Line nang online sa www.compliance-speakup.pmi.com o sa pamamagitan ng telepono sa +1 303-623-0588. Puwede mong gamitin ang PMI Compliance Help Line nang hindi nagpapakilala, nang napapailalim sa mga lokal na batas at regulasyon. Kung pipiliin mong mag-ulat nang hindi nagpapakilala, hindi ibabahagi ng ikatlong partido sa PMI ang iyong pagkakakilanlan.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

**Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin**

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan



# Zero tolerance sa paghihiganti

Sa PMI, pinoprotektahan natin ang mga taong nagsasalita nang may mabuting hangarin kaugnay ng isang pinaghihinalaang paglabag sa pagsunod o nakikipagtulungan sa isang imbestigasyon. Mayroon tayong zero tolerance sa paghihiganti.

### Ano ang dapat kong gawin?

**T** Kailangan ko bang makatiyak na may aktwal na paglabag sa ating Pamantayan, sa ating mga Patakaran, o sa mga batas bago iulat ang aking alalahanin sa PMI?

**S** Hindi. Hinihikayat namin ang mga tao na mag-ulat kung may pinaghihinalaan silang maling gawain. Hindi mo kailangang makatiyak muna bago mag-ulat, at hinihiling namin sa iyo na huwag mong imbestigahan mismo ang bagay na ito. Sa katunayan, hinihikayat namin ang mga tao na magsalita sa lalong madaling panahon kapag sa tingin nila ay may natukoy silang isang isyu upang makapag-imbestiga kami, kung naaangkop, at matugunan namin ang anumang potensyal na maling gawain nang mabilis.

# Mga pagsisiyasat ng maling pag-uugali

Sa PMI, hinihikayat namin ang isang bukas na kultura kung saan ang mga isyu sa ethics at compliance ay bukas na tinatalakay, nang walang takot sa paghihiganti. Nagbibigay-daan ito sa atin na matukoy ang mga potensyal na isyu nang maaga at makakilos nang mabilis para matugunan ang mga ito.

Mayroon tayong matatatag na Pamantayan sa Pag-iimbestiga. Sumusunod ang ating Team sa Ethics & Compliance sa mga pamantayang ito upang masiyasat ang mga ulat na ginawa nang may mabuting hangarin sa isang patas, walang kinikilingan, at magalang na paraan. Pinoprotektahan namin ang pagkakumpidensyal ng mga nag-uulat at iginagalang namin ang mga karapatan ng mga akusado sa pamamagitan ng pagbabahagi lamang ng mga paratang at pagsisiyasat na kailangang malaman.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga madudulugan



## Pandisiplinang aksyon

Ang mga paglabag sa mga naaangkop na batas o regulasyon, sa ating Pamantayan o iba pang Patakaran ng PMI ay maaaring magresulta sa pandisiplina laban sa mga sangkot, hanggang sa at kabilang ang pagkatanggal sa trabaho.

## Mga Waiver

Bihira ang mga waiver ng anumang probisyon ng Pamantayan at maaari lamang itong ibigay ng Chief Compliance Officer nang kumokonsulta sa General Counsel. Maaari lamang ibigay ng Lupon ng mga Direktor ang mga waiver para sa mga executive na opisyal o direktor.

TS

### Ano ang dapat kong gawin?

Ano ang mangyayari kapag nagpaabot ako ng ulat sa PMI Compliance Help Line?

Kinukuha ng aming independiyenteng ikatlong partido na vendor ang iyong ulat at ipinapadala nito ang mga detalye sa Ethics & Compliance team ng PMI. Sinusuri ng Ethics & Compliance ang ulat, at kung may potensyal na paglabag sa pagsunod, magsisimula ng pagsisiyasat na sumusunod sa mga Pamantayan sa Pagsisiyasat ng PMI.

Sa partikular, ang Ethics & Compliance ay:

- **Tinatasa ang ulat** upang matukoy ang pinakamahusay na paraan ng pagkilos.
- **Naghihirang ng isang imbestigador** na may kasanayan at walang kinikilingan upang imbestigahan ang paratang sa pagsunod at mangalap ng ebidensya.
- **Nangongolekta at nagsusuri ng impormasyon** tungkol sa paratang upang matukoy ang pagkakaroon ng bisa nito.
- **Nagpapasya ng kongklusyon** kaugnay ng kung napatunayan ang paratang at kung ano ang pinag-uugatang dahilan.
- **Para sa mga napatunayang paratang, nagrerekomenda ng mga pagkilos sa pagwawasto**, kung naaangkop, upang matugunan ang usapin at maiwasan na maulit ang mga katulad na isyu sa hinaharap.
- **Isinasara ang pagsisiyasat at ipinapaalam sa Kalahok at iba pa, kung naaangkop, ang tungkol sa kinalabasan ng kaso**.

Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
**Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin**
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga madudulugan



# Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

# Pagtanggap sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagiging kabilang

Nakatuon kami sa pagbuo ng isang ingklusibo at patas na kultura na sumasalamin sa magkakaibang pinagmulan ng aming mga shareholder, kostumer, at empleyado.



Nagsusulong ang magkakaibang pinagmulan ng iba't ibang kaisipan, ideya, at karanasan. Dahil sa komunidad natin sa PMI na may iba't ibang pinagmulan, nagagawa nating lumago, lumutas ng mga problema at mag-inoba sa malikhain at epektibong paraan.

Maaari lamang tayong makapag-ambag at maging mahusay sa ating trabaho kapag nararamdaman nating kumportable, ligtas, at kabilang tayo, at totoo tayo sa ating sarili. Sa PMI, isinusulong natin ang isang kulturang ingklusibo kung saan ipinadarama natin ang pagiging kabilang, nauunawaan natin ang mga personal na sitwasyon, pinahahalagahan natin ang mga pagkakaiba, at tinatrato natin ang lahat nang may patas na pagtingin, dignidad, at paggalang.






Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

**Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho**

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Paggalang sa mga karapatang pantao

Naninindigan tayo sa at pinoprotektahan natin ang mga karapatang pantao.





Bilang isang multinasyunal na korporasyon, iginagalang natin ang mga karapatang pantao sa ating value chain at sinusunod natin ang mga Gabay na Prinsipyo ng United Nations sa Negosyo at mga Karapatang Pantao. Sa PMI, ipinagbabawal natin ang pagpapatrabaho ng bata, sapilitan at puslit na pagtatrabaho, at anumang anyo ng pang-aalipin.

Ginawa nating pormal ang panata na ito sa Panata ng PMI sa mga Karapatang Pantao.

Bukod dito, itinatakda ng ating Mga Prinsipyo sa Responsableng Pagkuha at ng ating Pamantayan sa mga Kasanayan sa Agrikultural na Trabaho ang ating mga inaasahan sa ating mga supplier kaugnay ng paggalang sa mga karapatang pantao, kabilang ang mga karapatan sa paggawa, ng mga manggagawa sa ating malaki at magkakaibang supply chain.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

**Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho**

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Pagpigil sa diskriminasyon, panliligalig, at pananakot

Nililinang natin ang isang lugar ng trabaho na patas, magalang, at walang diskriminasyon, panliligalig, at pananakot.





Ang pagtrato sa mga tao nang may paggalang ay isang prinsipyo sa etika na gumagabay at nagbubuklod sa atin. Nakatuon ang PMI sa pagbibigay ng isang kapaligiran sa trabaho na walang diskriminasyon, panliligalig, at pananakot.

***Ipinagbabawal natin ang pagtrato sa sinuman nang hindi patas o hindi pantay*** dahil sa mga katangiang gaya ng lahi, etnisidad, edad, oryentasyong sekswal, paniniwala sa relihiyon, bansang pinagmulan, ninuno, kulay, family o medical care leave, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa o pamilya, kondisyong medikal, pisikal o mental na kapansanan, kaugnayan sa pulitika, protektadong katayuan bilang beterano, kasarian (kabilang ang pagbubuntis), o anumang iba pang katangiang protektado ng mga naaangkop na batas at regulasyon.

Walang lugar sa PMI ang harassment, kabilang ang sekswal o pisikal na harassment.

Ang mga pamantayang ito at ang mga kaugnay na pagbabawal ay nalalapat sa lahat ng sitwasyon na may kaugnayan sa trabaho, kabilang ang ating mga opisina, lokasyon sa malayuang trabaho, pagpupulong sa labas ng site, pangnegosyong biyahe, at social event ng team. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Kawalan ng Diskriminasyon at Paglaban sa Harassment.



Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
**Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho**
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga madudulugan



## Tandaan

maraming uri ng harassment. Ipinagbabawal ng PMI ang lahat ng uri ng harassment, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

***Pag-uugali sa pananalita***, gaya ng mga palayaw; mapanirang-puring biro o komento; mga bansag; mga hindi kanais-nais na pahayag tungkol sa katawan, kulay, mga pisikal na katangian, o hitsura ng isang indibidwal; o mga hindi gustong sekswal na pananamantala, imbitasyon, o komento;

***Biswal o nakasulat na pag-uugali***, gaya ng mga mapanlait at/o nakatuon sa sekswal na text message, instant message, email, tweet, at pag-post sa internet; mga poster, litrato, cartoon, drawing, nakakainsultong simbolo o kilos; o pananakot, intimidasyon, o nakakaperhuwisyong gawain na nauugnay sa anumang protektadong katangian; o

***Pisikal na pag-uugali***, gaya ng pag-atake, nakakalokong pagsulyap sa katawan ng isang tao, hindi kanais-nais na pisikal na pag-uugali, o paghadlang o pagharang sa normal na paggalaw.

## Ano ang dapat kong gawin?

T

Nagkakasundo talaga ang mga miyembro ng aking team at mahilig silang magsabi ng mga biro. Nawala na ito sa lugar kamakailan at nakakasakit na ang mga taong nagsasabi ng mga sexist na biro. Ano ang dapat kong gawin? Ayokong magdulot ng anumang problema.

S

Hindi katanggap-tanggap ang paggawa ng mga biro na may sekswal o sexist na katangian. Dapat mong sabihin ang alalahaning ito sa iyong superbisor, sa iyong kasosyo sa negosyo sa P&C, o sa team ng Ethics & Compliance.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

**Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho**

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Pagpapanatiling ligtas, malusog, at protektado ng lugar ng trabaho

Ginagawa naming priyoridad ang kaligtasan, kalusugan, at seguridad sa lahat ng lugar, sa bawat oras.





Nakatuon ang PMI sa pagbibigay ng ligtas, malusog, at protektadong lugar ng trabaho para sa ating mga empleyado, kontratista, bisita, at iba pang nakakaugnayan natin sa proseso ng negosyo. Inuuna natin ang kalusugan, kaligtasan, at seguridad bago ang mga layunin ng negosyo at gumagawa tayo ng mga hakbang para maalis o maiwasan ang mga hindi ligtas na kondisyon at para maprotektahan ang ating mga operasyon, ari-arian, asset, at reputasyon.

Nililinang natin ang isang kultura sa lugar ng trabaho na nagsusulong ng pisikal, mental, at panlipunang kagalingan ng ating mga empleyado.

## Tandaan

- **Unahin ang kaligtasan.** Protektahan ang isa't isa mula sa pinsala sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng Patakaran, batas, at regulasyon sa kaligtasan ng Kumpanya.
- **Alamin at sundin ang mga pamamaraan sa pagtugon sa emerhensiya.** Mahalagang malaman kung ano ang gagawin kapag may emerhensiya, gaya ng sunog, likas na kalamidad, o insidente sa seguridad, at sundin ang mga pamamaraang iyon sa mahinahon at maayos na paraan.
- **Iulat ang mga panganib, peligro, pinsala, at hindi ligtas na pag-uugali.** Palaging iulat ang mga pinsala, muntikang panganib, potensyal na hindi ligtas na kondisyon, at panganib sa kalusugan, kaligtasan, o seguridad, kabilang ang mga panganib sa kapaligiran at banta o gawain ng karahasan, sa iyong superbisor o sa team ng PMI sa Seguridad at Merkado.
- **Huwag kailanman gumamit sa maling paraan ng alak, mga droga, o iba pang substance sa lugar ng trabaho.** Ipinagbabawal sa PMI ang ganitong uri ng pag-uugali. Gayundin, ipinagbabawal ang paggamit, pagbebenta, o pagkakaroon ng mga ilegal na droga sa PMI.
- **Huwag kailanman magdala ng mga armas sa trabaho** Maliban kung partikular na pinahintulutan ng Kumpanya (hal., mga tauhan para sa seguridad), ipinagbabawal ang pagdadala ng mga armas sa trabaho o pagdadala ng mga ito habang nagsasagawa ng negosyo ng PMI.



### Ano ang dapat kong gawin?

**T** Nagtatrabaho ako bilang bahagi ng isang team at pumasok ang isa sa aking mga kasamahan sa trabaho kamakailan nang nakainom ng alak. Nag-aalala ako na baka maaksidente at masaktan siya—o baka makasakit pa siya ng iba. Ano ang dapat kong gawin?

**S** Iniisip natin ang kaligtasan sa lahat ng ating ginagawa. Dapat mo itong ipaabot kaagad sa iyong superbisor, na titiyak na hindi mailalagay ng iyong kasamahan ang kanyang sarili o ang iba sa panganib.

← ⌂ →

Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

**Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho**

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan



# Paano tayo naghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho:

**Tumugon sa mga indibidwal na pangangailangan**
Sinisikap nating maipadama sa lahat ng empleyado na kabilang sila. Nagsasagawa tayo ng mga patas at makatwirang pagsasaayos upang makaangkop sa mga indibidwal na pangangailangan at istilo.

**Igalang ang representasyon ng empleyado**
Iginagalang natin ang karapatan ng mga empleyado na sumali, o hindi sumali, sa mga unyon ng manggagawa at organisasyong kumakatawan sa empleyado na gusto nila, at kinikilala natin ang karapatan sa kolektibong pakikipagkasundo. Hinihikayat natin ang epektibong pakikipag-ugnayan, pakikipag-usap, at kooperasyon sa mga usaping may kinalaman sa isa't isa sa ating mga empleyado at, kung naaangkop, sa kanilang mga kinatawan na hinirang sa wastong paraan.

**Itaguyod ang ating pangako sa mga karapatang pantao**
Iginagalang natin ang mga karapatan ng mga indibidwal na may mga karapatang pantao na maaaring nating maapektuhan, kabilang ang mga manggagawa sa ating supply chain. Ipinagbabawal natin ang pagpapatrabaho ng bata, sapilitan at puslit na pagtatrabaho, at anumang anyo ng pang-aalipin.

**Huwag kailanman makibahagi sa o magpahintulot ng diskriminasyon, panliligalig, o pananakot**
Magalang at may malasakit tayo sa iba sa ating mga salita at kilos. Pantay-pantay ang pakikitungo natin sa lahat, gumagawa tayo ng mga desisyon na may kaugnayan sa trabaho nang batay sa merito, at hindi tayo nagpapakita ng pagkiling batay sa mga protektadong katangian ng isang indibidwal. Hindi tayo nakikibahagi sa o nagpapahintulot ng nakakasakit, nakakababa, o mapang-abusong pag-uugali.

**Magbigay ng mga ligtas, malusog, at protektadong kondisyon sa pagtatrabaho**
Tinitiyak natin na nagtatrabaho ang mga empleyado, kontratista, bisita, at iba pang nakakasalamuha natin sa proseso ng negosyo sa ligtas, malusog, at protektadong kapaligiran. Nililinang natin ang isang kultura sa lugar ng trabaho na nagsusulong ng pisikal, mental, at panlipunang kagalingan.

**Magsalita ka**
Kapag may nakita tayong mali—o kahit na posibleng mali—nagsasalita at kumikilos tayo.



# Paghahatid nang may integridad sa ating merkado


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

**Paghahatid nang may integridad sa ating merkado**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Pagbibigay ng mga de-kalidad na produkto

Nakatuon tayo sa pagbibigay ng mga de-kalidad na produkto.





Nagsisikap tayong magkaroon ng kahusayan sa kalidad. Ang lahat ng produkto ng PMI ay idinisenyo, ginawa, pinananatili, at isinasakomersyal nang alinsunod sa mga panlabas na regulasyon, panloob na pamantayan at patuloy na pagtuon sa pagtugon sa mga inaasahan ng mamimili.

Namumuhunan ang PMI sa agham, mga teknikal na kakayahan, at mga matatag na kontrol upang makapagsagawa ng pananaliksik, pagsubok, produksyon, mga pagkontrol sa kalidad at pangangasiwa upang matiyak na nakakamit ng bawat bahagi ng proseso ng produksyon ang mga layunin nito at napapasaya nito ang ating mga mamimili.



Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

**Paghahatid nang may integridad sa ating merkado**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Pag-market ng ating mga produktong tabako at produktong naglalaman ng nikotina sa responsableng paraan

Imina-market at ibinebenta natin sa responsableng paraan ang ating mga combustible at walang usok na produkto, at sa mga nasa hustong gulang na mamimili lamang.



Nakasentro ang ating pagnenegosyo sa katapatan. Tapat at responsable tayo sa ating mga aktibidad sa marketing at malinaw tayo tungkol sa profile ng peligro ng ating mga produkto. Ipinapaalam natin sa mga mamimili ang tungkol sa mga epekto sa kalusugan ng ating mga produktong tabako at produktong naglalaman ng nikotina, kabilang, kung pinahihintulutan ng batas, ang mga potensyal na benepisyo ng paglipat sa ating mga walang usok na produkto. Dapat ay may kasamang mga babala sa kalusugan para sa mga mamimili sa lahat ng advertising at consumable na packaging, kahit na hindi ito iniaatas ng batas.

Nakadirekta sa mga mamimiling nasa hustong gulang ang pag-market ng ating tabako at mga produktong naglalaman ng nikotina. Hindi natin hinihikayat ang mga hindi naninigarilyo na magsimulang manigarilyo o gumamit ng ating mga produkto. Malinaw nating sinasabi na ang pagtigil sa paggamit ng tabako at nikotina ang pinakamagandang pasya. Hindi natin ginagawa o ibinebenta ang mga produkto sa mga paraang maaaring partikular na nanghihikayat ng mga menor de edad.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Mga Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Disenyo, Marketing at Pagbebenta ng mga Nasusunog na Produktong Tabako at ang Disenyo, Marketing at Pagbebenta ng mga Walang Usok.

**Tandaan**

Sinusunod sa mga kasanayan sa marketing ng PMI sa buong mundo ang apat na pangunahing prinsipyo:

1. **Imina-market at ibinebenta natin ang ating mga produkto sa mga Nasa Hustong Gulang na Mamimili.**
2. **Binabalaan natin ang mga mamimili tungkol sa mga epekto sa kalusugan ng ating mga produkto.**
3. **Matapat at tumpak ang ating marketing.**
4. **Iginagalang natin ang batas.**




Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

**Paghahatid nang may integridad sa ating merkado**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Paggawa ng mahusay na agham na mapagkakatiwalaan ng mga tao

Isinasagawa natin ang ating pang-agham na gawain sa isang paraang may layunin, matatag, at malinaw.





Mahalaga sa ating tagumpay ang kredibilidad ng ating agham. Gumagawa tayo ng mga desisyon batay sa siyentipikong pananaliksik na isinasagawa nang may integridad, kalinawan, at katumpakan. Sumusunod tayo sa mga naaangkop na pinakamahusay na kagawian sa ating mga siyentipikong pamamaraan, pagkontrol sa kalidad at panloob na pagsusuri upang matiyak na tumpak, komprehensibo, at maaasahan ang ating datos. Inilalathala natin ang ating mga natuklasan at hinihikayat natin ang independiyenteng pananaliksik at pagberipika sa ating mga pamamaraan at resulta.

### Tandaan

- Sa PMI, hinihikayat natin ang ating mga siyentipiko na kumilos nang independiyente at ipahayag ang kanilang mga naiisip. Hindi tayo gumagawa ng mga shortcut sa ating siyentipikong gawain.
- Sinusunod natin ang mga mahusay na proseso ng pagsusuri bago maglathala ng mga siyentipikong resulta sa mga journal na nasuri ng peer.

Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
**Paghahatid nang may integridad sa ating merkado**
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga mapagkukunan

# Pakikipag-trabaho sa mga supplier

Nakikipagtulungan tayo sa mga supplier na kapareho natin sa ating mga pinagtutuunan sa pagsunod at integridad.





Inaasahan natin na susunod ang lahat ng ating supplier sa diwa ng ating Pamantayan at susunod sila sa ating Mga Prinsipyo sa Responsableng Pagkuha at mga probisyon sa kontrata, gayundin sa iba pang kinakailangan at patnubay na partikular sa industriya na ibinibigay natin, kung naaangkop, gaya ng ating Mga Mabuting Kasanayan sa Agrikultura (Good Agricultural Practices, GAP) at sa ating Pamantayan sa mga Kasanayan sa Pang-agrikulturang Paggawa (Agricultural Labor Practices, ALP).

### Tandaan

Ang Mga Prinsipyo sa Responsableng Pagkuha (RSP) ang pundasyon ng ating pakikipagtulungan sa ating mga Supplier at Kasosyo sa value chain. Binabalangkas nito ang mga kinakailangan upang matiyak ang pangmatagalang napapanatiling supply, pagprotekta sa kapaligiran, at pagpapahusay sa mga kabuhayan sa loob ng ating value chain.

Nakahanay ang RSP sa ating Pamantayan at itinatakda rito ang mga minimum na pamantayan na dapat sundin ng mga Supplier upang makatrabaho ang PMI.

May responsibilidad tayong lahat na alamin at itaguyod ang RSP upang matiyak na matutukoy at mahuhulaan ng PMI ang mga panganib na nauugnay sa Supplier.



Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
**Paghahatid nang may integridad sa ating merkado**
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga madudulugan

# Pagpigil sa panunuhol at katiwalian

Hindi tayo nanunuhol sa sinuman, sa kahit saan, para sa anumang kadahilanan.





Ipinagbabawal ng PMI ang panunuhol at katiwalian. Hindi natin dapat tangkain kailanman na impluwensyahan o apektuhan ang propesyonal na layon ng mga Opisyal ng Gobyerno, Pribadong Indibidwal, o anupamang ikatlong partido na kanegosyo natin. Palagi tayong gumagamit ng mabuting paghuhusga at pagpipigil kapag nagbibigay o tumatanggap ng anumang bagay na may halaga.

Ang lahat ng empleyado, direktor, opisyal, supplier, ahente ng PMI o iba pang ikatlong partido na kumikilos sa ngalan natin, saanman sila matatagpuan, ay dapat sumunod sa mga naaangkop na batas laban sa katiwalian, kabilang ang U.S. Foreign Corrupt Practices Act.

Nagpapanatili tayo ng mga tumpak na aklat at talaan ng ating mga transaksyon sa negosyo alinsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon, kabilang ang anumang bagay na may halaga na ibinigay sa mga Opisyal ng Pamahalaan.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Paglaban sa Katiwalian.



Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
**Paghahatid nang may integridad sa ating merkado**
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga madudulugan



# Mga Dapat at Hindi Dapat Gawin sa Paglaban sa Katiwalian

## DAPAT GAWIN:

- Ihayag at kunin ang lahat ng kinakailangang paunang pag-apruba para sa mga Regalo, Pagbiyahe, at Pagtanggap ng Bisita.
- Magsagawa ng masusing pagsisikap sa mga ikatlong partido na makikipag-ugnayan sa mga Opisyal ng Pamahalaan sa ngalan ng PMI.
- Itala ang lahat ng pagbabayad at gastos nang tumpak sa ating mga aklat at talaan.

## HINDI DAPAT GAWIN:

- Huwag magbigay ng anumang bagay na may halaga na hindi wastong nakakaimpluwensya o nakakaapekto sa propesyonal na layon ng mga desisyon sa negosyo sa mga ikatlong partido, lalo na sa mga Opisyal ng Gobyerno.
- Huwag kailanman magbigay ng pera o katumbas ng pera.
- Huwag magsagawa ng mga pagbabayad para sa pagpapadali, kahit na may mga negatibong kahihinatnan sa negosyo.
- Huwag gumamit ng ikatlong partido kailanman para gumawa ng mga hindi wastong pagbabayad o ilegal na pagkilos.


← ⌂ →

Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

**Paghahatid nang may integridad sa ating merkado**

Paghahatid nang may integridad para sa mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan



## Tandaan

Sa PMI, nakakakuha tayo ng negosyo batay sa kalidad ng ating mga produkto at talento ng ating mga tao. Hindi tayo nakikibahagi sa anumang anyo ng panunuhol at katiwalian, kahit na nangangahulugan ito ng hindi pagtanggap sa mga oportunidad sa negosyo o pagpapalampas sa deadline.

## Ano ang dapat kong gawin?

**T** Nagsusumite ako ng panukala sa isang ahensya ng gobyerno. Iminungkahi ng aking kaibigan na kung aanyayahan ko ang opisyal ng gobyerno na magpasya sa bagay na ito sa hapunan sa isang marangyang restawran, malaki ang maitutulong nito upang makakuha ng positibong resulta. Ayos lang ba ito?

**S** Hindi. Ito ay panunuhol. Bagama't angkop na makipagpulong sa mga opisyal ng gobyerno upang mapag-usapan ang ating pananaw, hindi ayos na magbigay ng anumang bagay na marangya upang maimpluwensyahan sila. Nang-iimpluwensya tayo batay sa lakas ng ating mga argumento, hindi sa karangyaan ng ating pakikitungo. Nakakatugon dapat ang anumang nakaplanong pakikitungo sa mga opisyal ng gobyerno sa mga kinakailangan sa Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Paglaban sa Katiwalian at sa mga kaugnay na Pamantayan at proseso.

# Pakikipag-kumpitensya nang tapat at patas

Umuunlad tayo sa isang patas na kumpetitibong merkado.



Masiglang nakikipagkumpitensya ang PMI batay sa kalidad ng produkto, mga pananaw ng mamimili, inobasyon, at presyo. Hindi tayo kailanman nakikipagtulungan sa mga kakumpitensya upang magtakda ng mga presyo, hatiin ang mga merkado, iboykot ang mga supplier o baguhin ang merkado sa hindi patas na paraan.

Hindi natin tinatalakay ang pagpepresyo, mga paglulunsad ng brand, mga programa sa pakikipagkalakalan, o iba pang sensitibong paksa sa kompetisyon sa mga kakumpitensya. Kung sinusubukan ng isang kakumpitensya na talakayin ang mga kumpetitibong paksa, tinatapos natin ang pag-uusap, nang nililinaw sa mga nakapaligid sa atin na hindi tayo handang lumahok sa anumang kasunduang laban sa kompetisyon.

Nangongolekta at gumagamit lamang tayo ng impormasyon tungkol sa ating mga kakumpitensya sa legal at etikal na paraan.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Kompetisyon.

## Tandaan

Maaaring lumikha ng mga legal na panganib ang mga pakikipag-ugnayan sa mga kakumpitensya. Kung ikaw ay nasa isang pag-uusap o pagpupulong kung saan naroroon ang isang kakumpitensya at may nagsimulang magsalita tungkol sa pagpepresyo o iba pang Sensitibong Impormasyon sa Kompetisyon, dapat mong:

- ✓ Ihinto ang talakayan sa mga paksang ito. Maaari mong sabihin, halimbawa ang, "Huminto ka. Hindi angkop na pag-usapan natin ang tungkol sa mga paksang iyon."
- ✓ Umalis sa pag-uusap o pagpupulong kung magpapatuloy ang talakayan sa mga paksang ito. Hilingin na maitala ang iyong pag-alis sa mga minute ng pagpupulong, o kung hindi naman ay gawing kapansin-pansin ang iyong pag-alis. (Maaaring nakakailang ito, ngunit kahit na ang tahimik na presensya sa mga talakayan tungkol sa mga aktibidad sa kompetisyon ay maaaring humantong sa pananagutan sa ilalim ng mga batas sa kompetisyon para sa mga indibidwal at kumpanya.)
- ✓ Iulat kaagad ang insidente sa Legal Department.

Ang pagwawasto nito ay nangangahulugan ng paghingi ng tulong. Masalimuot at maaaring maging komplikado ang mga panuntunan sa kompetisyon at antitrust. Nauunawaan ng Legal Department kung ano ang nararapat at maaari silang magbigay ng patnubay.

# Pag-iwas sa mga salungatan ng interes

Gumagawa tayo ng patas at may layon na mga desisyon at iniiwasan natin ang mga salungatan ng interes.



Nakabatay dapat palagi ang ating mga desisyong may kaugnayan sa trabaho at sa kung paano natin ginagampanan ang ating mga trabaho sa kung ano ang pinakamainam para sa PMI, at hindi para sa atin nang personal.

Ang mga Conflicts of Interest ay mga sitwasyon kung saan ang iyong objectivity sa pagsasagawa ng iyong trabaho ay—o maaaring—mapinsala ng isang bagay na personal na nakakabenepisyo sa iyo, ito man ay sa pinansyal, emosyonal o anupamang paraan. Kung makikita ng isang makatwirang tao na ang sitwasyon ay nakakompromiso sa iyong objectivity, mayroon kang Salungatan ng Interes.

Sa PMI, iniiwasan natin ang lahat ng Conflicts of Interest, at kung hindi maiiwasan ang mga ito, pinamamahalaan natin ang mga ito. Kinakailangan ng mga empleyadong may aktwal, potensyal o nakikitang Conflicts of Interest na isiwalat ito at hindi sila pinapayagang magpatuloy sa pagsasagawa o sa transaksyon hangga't wala silang natatanggap na naaangkop na pag-apruba mula sa kanilang manager at sa Ethics & Compliance.

Kabilang sa mga Potensyal na Conflicts of Interest na nangangailangan ng pagsisiwalat at paunang pag-apruba ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- Personal na relasyon sa ibang empleyado ng PMI,
- Personal na relasyon sa isang supplier,
- Kamag-anak bilang isang kostumer,
- Pinansyal na pamumuhunan sa isang supplier,
- Isang bayad o hindi bayad na trabaho sa labas ng PMI,
- Pagiging miyembro ng Lupon sa labas ng PMI, at
- Mga personal na pakikitungo sa isang supplier ng PMI.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

**Paghahatid nang may integridad sa ating merkado**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan





Pagkatapos matanggap ang iyong pagsisiwalat, sasangguni ang Ethics & Compliance sa iyo at sa iyong superbisor, kung naaangkop, at maaaring magmungkahi sila ng mga hakbang upang mapagaan ang Conflicts of Interest. Ikaw ang responsable sa pagpapatupad sa mga hakbang, at sa maagap na pag-update sa iyong pagsisiwalat kung may anumang malaking pagbabago sa mga pangyayari kung saan ipinagkaloob ang pag-apruba.

Kung natukoy ng Ethics & Compliance na hindi maaaring mapagaan ang Salungatan ng Interes, hindi ka pinapayagang makipag-ugnayan, o magpatuloy, sa pagsasagawa o transaksyon.

Maaaring humantong sa mga sitwasyon na makakakompromiso sa iyong pagiging objective kung susubukan mong harapin mismo ang iyong Conflicts of Interest, sa halip na isiwalat ito. Mapoprotektahan ka kung magsisiwalat ka ng Conflicts of Interest at pagsunod sa patnubay mula sa Ethics & Compliance. Para sa higit pang impormasyon sa Conflicts of Interest, tingnan ang Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Conflicts of Interest.

Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
**Paghahatid nang may integridad sa ating merkado**
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga madudulugan



## Paano isiwalat ang isang aktwal o potensyal na Conflicts of Interest

Simple, kumpidensyal, at patas ang proseso ng pagsisiwalat ng mga Salungatan ng Interes. Maaari mong gamitin ang sistema ng pagsisiwalat o maaari kang makipag-ugnayan sa Ethics & Compliance nang direkta upang maisiwalat ang isang salungatan. Gayunpaman, mahalagang tandaan na hindi ka pinapayagang magpatuloy sa paggawa o transaksyon hangga't hindi mo natatanggap ang naaangkop na pag-apruba mula sa Ethics & Compliance.

### Ano ang dapat kong gawin?

**T** Ang aking anak na lalaki ay nagmamay-ari ng isang maliit na negosyo sa pag-imprenta at gustong niyang maging isang supplier sa PMI. Nagtatrabaho ako sa isang proyekto na nangangailangan sa amin na mag-imprenta ng ilang impormasyon para sa isang kampanya sa komunikasyon. Maaari ko bang ibigay sa kanya ang negosyo?

**S** Hindi. Kung mayroon kang kaugnayan sa isang aktwal o potensyal na supplier ng PMI, hindi ka maaaring masangkot sa anumang paraan sa pag-apruba, pamamahala, o pag-impluwensya sa relasyon ng PMI sa negosyong iyon. Dapat mo ring isiwalat ang potensyal na Conflicts of Interest na ito kung sakaling mapili ang negosyo ng iyong anak bilang supplier para sa PMI sa hinaharap.


← ⌂ →

Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

**Paghahatid nang may integridad sa ating merkado**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Paglaban sa money laundering at ipinagbabawal na pakikipagkalakalan

Tumutulong tayo na pigilan ang mga ilegal na pagbebenta ng ating mga produkto at maling paggamit ng ating mga mapagkukunan.




Hindi kinukunsinti, pinapalampas, pinapadali, o sinusuportahan ng PMI ang mga kontrabando, money laundering, o pag-iwas sa buwis.

Nakatuon tayo sa pakikipagnegosyo lang sa mga responsable at lehitimong tao at entidad na sumusunod sa mga batas sa pananalapi, kaugalian, at kalakalan, pagbebenta ng ating mga produkto sa nilalayong merkado ng destinasyon at pagbabahagi ng ating pangako na pigilan ang paglihis ng mga produkto ng PMI.

Nakikipagtulungan tayo sa mga pamahalaan upang mahinto ang mga ilegal na pagbebenta ng ating mga produkto at upang patuloy na mapahusay ang ating mga kontrol sa supply chain, gaya ng pagsubaybay sa produkto at mga hakbang sa pagsubaybay. Nakikipagtulungan tayo sa mga ikatlong partido na tagagawa, logistics provider, distributor, retailer, at mamimili para maipatupad ang mga kontrol na iyon. Tingnan ang Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Pagkilala sa Iyong Kostumer at Paglaban sa Paglihis para sa karagdagang impormasyon.

Hindi kinukunsinti, pinapadali, o sinusuportahan ng PMI ang pagpuslit ng pera, pag-iwas sa buwis o iba pang ilegal na aktibidad na kinasasangkutan ng paggamit ng mga produkto o asset ng ating Kumpanya. Nagtakda tayo ng mga kasanayan upang matukoy at maiwasan ang mga ilegal na aktibidad, gaya ng hindi pagrekomenda sa paggamit ng mga pagbabayad ng pera upang maiwasan ang panganib ng hindi sinasadyang pagtanggap ng pera na maaaring nakuha sa mga ipinagbabawal na aktibidad, at pag-aatas na isagawa ang mga transaksyong pinansyal kasama ang kinontratang indibidwal o entidad, alinsunod sa mga napagkasunduan sa pagbabayad. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Pangangasiwa ng mga Pagbabayad.

## Tandaan

Ang Money Laundering ay anumang transaksyong pinansyal na kung saan ang mga kriminal, kabilang ang mga organisasyong terorista, ay nagtatangkang itago ang mga nalikom, pinagmumulan o likas na katangian ng mga ipinagbabawal na aktibidad. Pinapadali ng money laundering ang malawak na hanay ng mga seryosong pinagmumulan ng mga kriminal na pagkakasala at sa huli ay nailalagayn nito sa panganib ang integridad ng sistema ng pananalapi.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

**Paghahatid nang may integridad sa ating merkado**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Pagsasagawa ng negosyo nang may integridad

Umuunlad tayo sa buong mundo sa pamamagitan ng pangunguna nang may integridad at pagsunod sa mga internasyonal na batas sa kalakalan.



Bilang isang multinasyunal na korporasyon, sinusunod natin ang mga naaangkop na internasyonal na batas at regulasyon sa kalakalan, kabilang ang mga parusa sa kalakalan at ekonomiya na pinangangasiwaan ng U.S. Department of the Treasury's Office of Foreign Assets Control at ng U.S. Department of State.

Pinaghihigpitan ng mga programang parusa ang kalakalan at mga transaksyon sa ilang partikular na bansa, teritoryo, entidad, sasakyang-dagat, at indibidwal. Maaaring kabilang dito ang mga embargo sa kalakalan, pagbabawal sa pagbiyahe, o pag-freeze ng mga asset o paglilipat. Pinoprotektahan natin ang ating Kumpanya at ang pandaigdigang komunidad sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ito, at sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagsusuri sa mga parusa at iba pang naaangkop na pagsisikap bago makipagnegosyo sa isang supplier o kostumer.

Hindi nakikilahok ang PMI sa mga ilegal na pagboykot ng ibang bansa. Hindi dapat gumawa ang mga empleyado ng anumang pagkilos na may kinalaman sa pakikilahok sa pagboykot ng ibang bansa na hindi inaprubahan ng gobyerno ng U.S.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa mga Pagsunod sa Parusa at Kalakalan, ang Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Pangangasiwa ng mga Pagbabayad, at ang Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Paglaban sa Katiwalian.

**Tandaan**

Bilang isang multinasyunal na korporasyon, maaaring kailanganin ng mga entidad at empleyado ng PMI na sumunod sa mga batas at regulasyon sa parusa ng U.S., gayundin sa anupamang naaangkop na hurisdiksyon.

Maaaring ilapat ang mga internasyonal na batas sa kalakalan sa impormasyon, teknolohiya, at intelektwal na ari-arian, gayundin ang mga pisikal na kalakal.



Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

**Paghahatid nang may integridad sa ating merkado**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Pakikipagne-gosyo sa gobyerno

Pinahahalagahan natin ang pagkakataong makipagtulungan sa mga pamahalaan at ang mga responsibilidad na kaugnay dito.





May mga espesyal na responsibilidad sa pakikipagnegosyo sa mga lokal at pambansang pamahalaan saanman sa mundo. Pinapanatili natin ang tiwala at paggalang ng ating publiko sa pamamagitan ng masigasig na pagsunod sa mga responsibilidad na ito at sa iba pang naaangkop na panuntunan.

Sa PMI, maaaring magbigay sa atin ng mga natatanging ideya at pagkakataon ang pagkuha, pagpapanatili, o pagkontrata sa mga Instrumentalidad ng Pamahalaan (kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga ahensya ng gobyerno, entidad na pagmamay-ari o kontrolado ng gobyerno, at pampublikong internasyonal na organisasyon) o Mga Opisyal ng Gobyerno. Gayunpaman, maaari itong magresulta sa mga mas mataas na panganib sa katiwalian. Para maiwasan ito, umuupa, nagpapanatili o kumokontrata lang tayo ng mga Instrumentalidad ng Gobyerno o mga Opisyal ng Gobyerno para sa isang lehitimong pangangailangan sa negosyo, sa patas na halaga sa pamilihan, sa malinaw na paraan, at nakabatay sa mga dokumentadong kwalipikasyon.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

**Paghahatid nang may integridad sa ating merkado**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan





# Paano tayo naghahatid nang may integridad sa ating merkado:

**Gumamit ng mga may layon, na kinikilalang internasyonal na siyentipikong pamamaraan, at sundin ang mga naaangkop na panlabas na regulasyon at panloob na pamantayan**
Sinusunod natin ang mga mahigpit na kontrol sa kalidad upang matiyak na tumpak ang ating siyentipikong datos. Tayo ay matapat at malinaw at naglalayong patuloy na matuto at humusay sa pagtatrabaho. Bumubuo tayo ng mga produkto gamit ang mga prinsipyo ng Mga Mahusay na Kasanayan sa Laboratoryo at Mga Mahusay na Klinikal na Kasanayan, at nangunguna tayo sa pagbuo ng mga bagong pamamaraan kung walang nito.

**I-market ang ating mga produkto sa responsableng paraan**
Palagi tayong matapat at gumagamit lamang ng impormasyon ng produkto at mga pahayag na batay sa katotohanan at sapat na napatunayan. Kusang-loob nating sinusunod ang mga responsableng kagawian sa marketing, na kadalasang higit pa sa iniaatas ng batas.

**Makipagtulungan sa mga supplier at kostumer na nakatuon sa integridad**
Inaasahan natin na susundin ng ating mga supplier ang ating Mga Prinsipyo sa Responsableng Pagkuha at mga kinakailangan na partikular sa industriya gaya ng Mga Mahusay na Kasanayan sa Agrikultura at Mga Kasanayan sa Paggawa sa Agrikultura. Sinusunod natin ang ating Patakaran sa Pagsunod sa mga Parusa at Kalakalan para matiyak na sumusunod tayo sa mga naaangkop na programa sa parusa. Regular tayong nagsasagawa ng naaangkop na pagsisikap sa mga supplier upang matiyak na alam natin ang mga babala.

**Huwag kailanman impluwensyahan nang hindi wasto ang negosyo**
Hindi tayo nagbibigay, nag-aalok, humihiling, tumatanggap, nangangako, nagbabayad, o nagpapahintulot ng anumang bagay na may halaga na maaaring hindi wastong makaimpluwensya o makaapekto sa propesyonal na layon ng mga desisyon sa negosyo sa mga Opisyal ng Gobyerno, Pribadong Indibidwal, at lahat ng iba pang ikatlong partido. Masipag at maingat tayo kapag nakikipag-ugnayan sa mga Opisyal ng Pamahalaan.

**Palaging isiwalat ang mga potensyal na Conflicts of Interest**
Isinisiwalat natin ang mga potensyal na Conflicts of Interest sa Ethics & Compliance Department. Nananatili tayong alerto para sa mga sitwasyong maaaring humantong sa isang Conflicts of Interest, at kung saan maaaring makaimpluwensya ang ating mga personal na relasyon o aktibidad sa ating paghuhusga.

**Pigilan ang kontrabando**
Sinusubaybayan natin ang mga dami ng mga benta ng kostumer upang matukoy ang ilegal na aktibidad. Gumagawa tayo ng pagkilos kung pinaghihinalaan natin ang paglilihis ng ating mga produkto.

**Iulat ang mga kahilingan sa pagboykot**
Iniuulat natin ang anumang kahilingang lumahok sa isang pagboykot sa Legal Department.

**Magsalita ka**
Kapag may nakita tayong mali—o kahit na posibleng mali—nagsasalita at kumikilos tayo.

Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga madudulugan



# Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder



Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Pagpapanatili ng mga tumpak na talaan ng negosyo

Pinoprotektahan at responsable nating pinamamahalaan ang Impormasyon ng Kumpanya.





May responsibilidad ang lahat ng empleyado sa pagprotekta sa Impormasyon ng Kumpanya sa kanilang mga merkado at tungkulin. Ang Impormasyon ng Kumpanya ay isang asset—dapat nating pamahalaan at pangalagaan ito para sa mga pinakamainam na interes ng PMI.

Ang pagpapanatili sa mga tala na tumpak at maaasahan ay mahalaga sa pagpapanatili ng tiwala sa ating negosyo. Ang Talaan ng Kumpanya ay impormasyon na dapat itago para sa isang partikular na yugto ng panahon upang matugunan ang isang panloob na pangangailangan sa negosyo o isang panlabas na pangangailangan. Maaaring may maraming anyo ang mga rekord, kabilang ang email, mga elektronikong file o mga dokumentong papel.

Ginagamit ng ating mga shareholder, kasosyo sa negosyo, regulator, mga nagbibigay ng pagpopondo, at publiko ang ating Impormasyon sa Kumpanya, kabilang ang mga ulat sa pananalapi, upang makakuha ng patas at tumpak na larawan ng ating negosyo. Ang mga stakeholder na ito ay umaasa sa tumpak at madaling maunawaang impormasyon upang maunawaan ang ating mga resulta sa pananalapi at ang ating direksyon sa negosyo. Nakatuon ang PMI sa pagtatala, pagpoproseso, at pagsusuri ng Impormasyon ng Kumpanya, kabilang ang impormasyong pinansyal, sa tumpak na paraan at sumusunod ito sa mga naaangkop na batas at regulasyon.

Gumagamit tayo ng mga Klasipikasyon sa Pagkakumpidensyal upang matulungan tayong pamahalaan ang Impormasyon ng Kumpanya sa responsableng paraan, na nagbibigay-daan sa PMI na matupad ang mga kinakailangan sa negosyo at legal, maisulong ang kahusayan sa pagpapatakbo, at maiwasan ang hindi awtorisadong pagsisiwalat ng impormasyon. Alinsunod dito, may mandatoryo ang PMI na Mga Iskedyul ng Pagpapanatili para sa ilang partikular na Rekord ng Kumpanya. Ang mga empleyado ay inaasahang magpanatili at magtapon ng mga dokumento, kung naaangkop, basta't walang naaangkop na Abiso sa Legal sa Pag-hold. Tingnan ang Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Pamamahala ng Impormasyon ng Kumpanya para sa higit pang impormasyon.





## Tandaan

- **Panatilihin ang mga Rekord ng Kumpanya alinsunod sa naaangkop na Iskedyul ng Pagpapanatili**. Dapat nating itapon ang mga Pansamantalang Rekord kapag hindi na kailangan ang mga ito para sa mga layunin ng negosyo o lumampas na ang mga ito sa lahat ng legal at panregulatoryong kinakailangan.
- **Panatilihin ang mga Rekord ng Kumpanya at Impormasyon ng Kumpanya kapag napapailalim ang mga ito sa Legal na Pag-hold**. Para sa higit pang impormasyon sa kung naaangkop sa iyo o hindi ang Legal Pag-hold, makipag-ugnayan sa Legal & Compliance Department.
- **Suriin ang mga Rekord ng Kumpanya nang kahit kada taon** upang matukoy ang mga dapat itapon sa pagtatapos ng panahon ng pagpapanatili sa mga ito, basta't walang naaangkop na Legal na Pag-hold na ipinatutupad sa mga ito.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Pag-iingat sa personal na datos

Responsable tayo sa pagprotekta sa personal na datos na kinokolekta at ginagamit natin.



Sa PMI, hawak natin ang iba't ibang uri ng Personal na Datos. Ang Personal na Datos ay anumang datos na maaaring direkta o hindi direktang makatukoy sa isang tao. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa ating mga konsumer, empleyado, supplier, at ikatlong partido.

Kinokontrol ng mga batas sa buong mundo kung paano natin kinokolekta, pinoproseso, iniimbak, at tinatanggal ang Personal na Datos upang maprotektahan natin ang mga karapatan ng indibidwal. Sa PMI, mahalaga ang pagkolekta at pagproseso ng datos nang malinaw at pagtiyak sa seguridad ng Personal na Datos para mapanatili natin ang ating mga relasyon at reputasyon. Kumikilos tayo nang may integridad kapag pinoproseso natin ang Personal na Datos.

## Tandaan

- **Sumunod sa mga batas sa Pagkapribado at sa ating mga Patakaran.** Palaging iproseso ang Personal na Datos nang alinsunod sa mga naaangkop na batas at alinsunod sa mahuhusay na kagawian sa pagkapribado ng datos at sa ating Pandaigdigang Patakaran sa Pagkapribado.
- **Igalang ang mga tao sa likod ng datos.** Maging magalang kapag nangongolekta ng Personal na Datos, sa pamamagitan ng pangangalap lamang ng Personal na Datos kung kinakailangan, pagiging malinaw tungkol sa paggamit, pagproseso ng Personal na Datos nang ayon sa batas at nang ligtas, at pagtatapon nito kapag hindi na kinakailangan.
- **Tiyaking pinangangasiwaan ng mga ikatlong partido ang datos sa naaangkop na paraan.** Kailangan minsan ng mga ikatlong partido na i-access ang Personal Datos na kinokolekta natin. Palaging tiyakin na pinangangalagaan nila ang impormasyon at ginagamit nila ito nang may integridad.
- **Iulat kaagad ang anumang potensyal na paglabag sa seguridad ng Personal na Datos**, ito man ay sa PMI o sa isang ikatlong partido na nakikipagtulungan sa PMI, sa Information Security Department sa soc@pmi.com.



Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder**
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga madudulugan

# Pag-iingat sa ating mga asset sa pananalapi

Pinoprotektahan natin ang ating mga asset sa pananalapi upang maisakatuparan natin ang ating mithiin ng isang walang usok na hinaharap.





Mahalaga ang ating mga asset sa pananalapi sa ginagawa natin sa PMI. Pinopondohan nila ang ating mga pagsisikap na magsagawa ng siyentipikong pananaliksik at lumikha ng mga bagong produkto. Pinoprotektahan natin ang ating mga asset sa pananalapi upang patuloy tayong makapagpatakbo at lumago.

May mga panloob na kontrol na ipinatutupad ang PMI upang maprotektahan ang ating mga asset sa pananalapi. Tinutulungan tayo ng ating mga kontrol na maiwasan at matukoy ang panloloko, mapanatili ang mga tumpak na rekord sa accounting, at sumunod sa mga naaangkop na batas.

Maingat tayo sa ating paggamit ng mga pondo ng PMI, ginagamit natin ang mga ito nang alinsunod sa ating mga Patakaran, at para lamang sa mga lehitimong dahilan ng negosyo.

**Tandaan**

Ang sadyang maling pagbibigay ng impormasyon, pamemeke ng mga rekord o maling paggamit ng mga asset ng kumpanya ay mga halimbawa lahat ng pandaraya.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Pagprotekta sa ating mga asset na impormasyon

Nakakamit natin ang magagandang bagay sa pamamagitan ng pagbuo, paggamit, at pagprotekta sa ating mga asset na impormasyon.





Napakahalaga ng pagprotekta sa ating impormasyon sa PMI. Sa ating mga tungkulin, bumubuo at gumagamit tayo ng iba't ibang asset na impormasyon. Halimbawa, maaaring may hawak tayong impormasyon sa ating mga file, workstation, mobile phone, at server na kinabibilangan ng Kumpidensyal na Impormasyon, Intelektwal na Ari-arian (Intellectual Property, IP), at/o datos ng ikatlong partido. Mahalaga ang impormasyong ito, at maaari itong makapinsala sa ating reputasyon, magpabagal sa ating pag-unlad o magbigay sa ibang kumpanya ng kalamangan sa kumpetisyon kung maisisiwalat ito sa hindi naaangkop na paraan.

Nag-iingat tayo kapag nangongolekta, nag-iimbak, nagpoproseso, o namamahagi tayo ng datos gamit ang ating mga kompyuter at sistema ng impormasyon. Ang ating mga kompyuter at sistema, at ang mga asset na impormasyon sa loob ng mga ito, ay maaaring makompromiso kung hindi tayo gagawa ng mga hakbang upang maprotektahan ang mga ito. Nauunawaan at inilalapat natin ang mga kinakailangan sa pag-uuri ng datos para sa sensitibong datos, at tinitiyak natin na may mga proteksyon na ipinapatupad sa ating Kumpidensyal na Impormasyon o Intelektwal na Ari-arian bago natin ito ibahagi. Sa PMI, nagbabahagi lamang tayo ng impormasyon kung kailangang malaman ang tungkol dito.

## Tandaan

Iginagalang natin ang pagkakumpidensyal at ang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian ng iba. Hindi natin kailanman ninanakaw ang mga lihim ng ibang tao o ang kanilang ari-arian—intelektwal man o iba pa. Nalalapat ito sa malalaking bagay, tulad ng lihim na proseso ng ibang kumpanya, at sa maliliit na bagay, tulad ng naka-copyright na larawan na makikita sa Internet.

May responsibilidad kang alamin kung anong impormasyon na kontrolado mo ang **Kumpidensyal na Impormasyon.** Kasama sa mga halimbawa ng Kumpidensyal na Impormasyon ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- Mga espesipikasyon para sa mga bago o kasalukuyang produkto at teknolohiya;
- Mga Badyet at iba pang Hindi Pampublikong Impormasyon sa Pananalapi;
- Mga diskarte sa marketing at iba pang Kumpidensyal na Materyal ng Brand;
- Mga datos at talaan ng tauhan;
- Mga datos at kaugnay na natuklasan mula sa panahon ng Pananaliksik saMerkado;
- Mga datos ng pananaliksik at teknikal na datos;
- Mga plano sa pamumuhunan;
- Mga Lihim sa Kalakalan; at
- Sensitibong Impormasyon sa Kompetisyon.



### Ano ang dapat kong gawin?

**T** Nakatanggap ako ng email mula sa isang taong nagsasabing nasa marketing team siya ng PMI. Humingi siya sa akin ng access sa isang file na naglalaman ng mga kumpidensyal na detalye ng produkto. Karaniwang hindi ako nakikipagtulungan sa marketing team, at parang may kakaiba sa kahilingang ito. Pero kung isang tauhan ito sa PMI, tiyak ako na ayos lang ito. Tama?

**S** Mali. Huwag magbahagi ng impormasyon sa sinuman sa loob o labas ng Kumpanya na hindi "kailangang makaalam nito." Dapat mo munang iberipika na empleyado ng PMI ang taong ito at, kung oo, sumangguni sa iyong superbisor upang malaman kung maaaring ibahagi ang impormasyong ito sa taong ito. Tandaang isang panlilinlang ang pagpapanggap bilang mga empleyado ng PMI maaaring gamitin ng mga kriminal upang manakaw ang ating impormasyon.


← ⌂ →

Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Pagprotekta sa ating mga pisikal at elektronikong asset

Mahalaga ang pagprotekta sa ating mga pisikal at elektronikong asset sa ating pagpapanatili sa ating mga pang-araw-araw na pagpapatakbo.





Gumagamit tayo ng mga kompyuter at sistema ng impormasyon ng PMI, gaya ng ating mga desktop/laptop na workstation, device sa network, appliance, tablet device, mobile phone at device na nakakonekta sa internet, sa araw-araw para gumawa o magpanatili ng Impormasyon ng Kumpanya. Mahalaga rin ang ating mga elektronikong asset sa ating mga pagpapatakbo katulad ng ating mga pisikal na asset. Nakasentro rito ang ating trabaho at napakahalaga ng mga ito sa tagumpay ng ating negosyo.

May responsibilidad ang bawat isa sa atin sa pagprotekta sa ating mga pisikal at elektronikong asset. Kabilang dito ang pagsunod sa mga patakaran at pamamaraan na mayroon tayo para sa seguridad. Ngunit nakasalalay din ito sa mabuting paghuhusga. Gumagamit tayo ng sentido komun upang responsableng mapangalagaan at mapanatili ang ating kagamitan at mga sistema, at hindi natin kailanman hinahayaang magamit ang mga ito ng mga hindi awtorisadong tao. Hindi katanggap-tanggap sa PMI ang maling paggamit ng Mga asset ng kumpanya.

### Tandaan

Ang pinaghihinalaang maling paggamit o pang-aabuso sa mga pisikal o elektronikong asset ay dapat maiulat kaagad sa Ethics & Compliance Department.

Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan



## Ano ang dapat kong gawin?

**T** Magkakaroon ako ng matagal na bakasyon sa loob ng ilang buwan. Maaari ko bang ibigay ang aking mga detalye sa pag-log in sa PMI sa aking kasamahan para sa sitwasyon na may kailanganin siyang tingnang kahit ano sa laptop ko?

**S** Hindi. Para sa mga dahilang panseguridad, mahalagang hindi mo ibahagi ang iyong password at mga detalye sa pag-log in sa sinuman. Bago ka umalis, tiyaking naibigay o nai-save na sa isang nakabahaging folder ang lahat ng mahahalagang dokumentong maaaring kailanganin ng iyong team at ang mga "kailangang makaalam" lang ang maaaring maka-access nito.

**T** Kailangan ng aking anak na lalaki ng laptop upang magawa ang ilang assignment niya sa trabaho. Maaari ko bang ipagamit sa kanya ang aking laptop sa PMI kapag hindi magagamit ang personal na laptop ko?

**S** Hindi. Maaari lang gamitin ang iyong laptop sa PMI para magsagawa ng negosyo para sa at sa ngalan ng PMI. Ito ay upang matiyak na protektado at ligtas ang kumpidensyal na impormasyon na naa-access sa mga network ng PMI. Ikaw lang ang pinapayagang gumamit ng iyong laptop sa PMI—hindi awtorisadong gumamit nito ang iyong pamilya at mga kaibigan.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Pagpigil sa pangangalakal ng tagaloob

Nagsasagawa tayo ng matapat at patas na negosyo sa pamamagitan ng pagpigil sa pangangalakal ng tagaloob.



Sa kurso ng ating mga trabaho, maaari tayong magkaroon ng access sa Materyal na Hindi Pampublikong Impormasyon na isang impormasyon na maaaring ituring ng isang makatwirang mamumuhunan na may kaugnayan kapag nagpapasya kung bibili, magbebenta, o hahawak ng isang security. Dapat ituring na materyal ang anumang impormasyon na maaaring asahan na makaapekto sa presyo ng stock ng kumpanya, positibo man ito o negatibo.

Dapat magkaroon ng mga espesyal na pag-iingat ang mga indibidwal na may access sa Materyal na Hindi Pampublikong Impormasyon upang mapanatili itong kumpidensyal, kabilang ang pag-iingat nito sa isang ligtas na lokasyon. Maaari lamang nilang isiwalat ang naturang impormasyon sa ibang mga empleyado at panlabas na partido na kailangang makaalam nito upang maisagawa ang kanilang mga trabaho at kailangan din nilang panatilihing kumpidensyal ang impormasyon.

Nangyayari ang pangangalakal ng tagaloob kapag nakipagkalakalan ang isang tao ng securities batay sa Materyal na Hindi Pampublikong Impormasyon o nagpapasa siya ng impormasyon sa ibang tao na nakikipagkalakalan gamit ang impormasyong iyon (tinatawag ding "pagbibigay ng tip"). Ang pangangalakal ng tagaloob ay ilegal—hindi tayo kailanman bumibili o nagbebenta ng securities kapag alam natin ang materyal na hindi pampublikong impormasyon tungkol sa PMI o kapag may nalaman tayong Materyal na Hindi Pampublikong Impormasyon tungkol sa isang kumpanya na kanegosyo ng PMI.

Gayundin, ang mga Itinalagang Tao, gaya ng higit pang tinukoy sa Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Pangangalakal ng Tagaloob, ay dapat kumuha ng clearance mula sa Pangkorporasyong Kalihim ng PMI bago pumasok sa mga transaksyon sa securities ng PMI sa anumang oras. Bukod pa rito, ang mga indibidwal na ito ay pinagbabawalan na magsagawa ng mga transaksyong may kaugnay na securities ng PMI sa lahat ng Panahon ng Blackout.

Ang mga awtorisadong tagapagsalita ng PMI lang ang maaaring magsagawa ng anumang pagsisiwalat sa publiko ng Materyal Hindi Pampublikong Impormasyon ng PMI nang alinsunod sa mga naaangkop na legal na kinakailangan.

### Tandaan

Pagdating sa pangangalakal ng securities ng PMI, mahalagang kumiling palagi sa panig ng pag-iingat—kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa kung materyal o available ba sa publiko ang impormasyong alam mo, makipag-ugnayan sa PMI Corporate Secretary group sa Legal & Compliance Department.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan

# Pakikipag-usap tungkol sa at sa ngalan ng PMI

Nakikipag-usap tayo nang matapat, patas, at magalang.



Ang boses ng PMI ay ang pinagsamang boses ng bawat isa sa atin. Ang ating mga komunikasyon ay dapat na makatotohanan, tumpak at hindi mapanlinlang. Nalalapat ito sa panloob, panlabas, pormal, at hindi pormal na komunikasyon, pati na rin sa mga post sa social media.

Dapat tayong gumamit palagi ng tamang paghuhusga kapag nakikipag-usap sa ngalan ng PMI, at dapat tayong magkaroon ng karagdagang pag-iingat kapag nakikipag-usap tungkol sa impormasyong pinansyal. Ilang empleyado lamang ng PMI ang awtorisadong magbigay ng mga pahayag sa media, mga mamumuhunan, mga Opisyal ng Gobyerno, at mga siyentipikong katawan sa ngalan ng Kumpanya. Huwag magbigay ng mga pampublikong pahayag o tumugon sa mga tanong sa ngalan ng PMI nang walang naaangkop na awtorisasyon at pag-apruba.

Kapag gumagamit ng Social Media para sa trabaho, dapat nating gamitin ito nang responsable, at dapat nating panatilihing malinaw na hiwalay ang ating pribadong paggamit ng Social Media sa ating propesyonal na paggamit. Hindi dapat gamitin ng mga empleyado ng PMI ang kanilang email address sa trabaho o mga detalye sa pakikipag-ugnayan sa trabaho para sa pribadong paggamit ng Social Media.

Nakikilahok ang PMI sa mga nakakabuting pampublikong pag-uusap para sa patakaran at matapat ito tungkol sa ating tungkulin sa pag-aambag sa mga desisyon sa patakaran para sa ikabubuti ng Kumpanya at sa pagsuporta sa mga organisasyong gumagawa rin ng ganoon. Kabilang dito ang mga resulta ng pananaliksik o pag-aaral na pinondohan natin, gayundin kapag nagpapakita ang mga ikatlong partido ng datos o mga pananaw sa ngalan natin at/o sa gastos natin, upang maipaalam ang mga desisyon sa patakaran. May responsibilidad ang mga empleyado ng PMI na naghahatid ng mga materyal, humihiling ng mga komunikasyon, at/o pagkomisyon o pagpopondo ng mga pag-aaral na tiyaking naaangkop na naisisiwalat ang pinansiyal na suporta ng Kumpanya.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Panlabas na mga Komunikasyon at mga Panlabas na Pahayag at ang Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Pagbibigay ng Impormasyon sa Pananalapi sa mga Ikatlong Partido.



Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder**
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga madudulugan





## Tandaan

- **Idirekta ang mga katanungan sa naaangkop na team.** Kung makakatanggap tayo ng kahilingan sa press o media, dapat natin itong idirekta sa ating Team sa mga Pandaigdigang Komunikasyon. Kung makakatanggap tayo ng tanong mula sa isang shareholder o namumuhunan, dapat natin itong idirekta sa team ng Investor Relations. May mga mahusay tayong itinalagang eksperto sa paksa upang magbigay ng Posisyon ng Kumpanya at magpagaan sa panganib ng hindi sinasadyang pagsisiwalat ng kumpidensyal na impormasyon.
- **Maging magalang sa mga regulator at Opisyal ng Pamahalaan.** Kung makikipag-ugnayan sa atin ang isang Opisyal ng Pamahalaan o ahensya/kinatawan ng regulasyon, palagi tayong kumikilos nang magalang, patas, at matapat. Iniuugnay natin kaagad dito ang Legal & Compliance Department.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder**

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga mapagkukunan



# Paano tayo naghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder:

**Magpanatili ng mga tumpak na aklat at talaan**
Itinatala at iniuulat natin ang lahat ng impormasyon ng negosyo nang tumpak at kumpleto. Nagpapanatili tayo ng mga rekord nang alinsunod sa Iskedyul ng Pagpapanatili at anumang Legal na Pag-hold.

**Iulat ang maling paggamit ng mga asset na pananalapi**
Iniuulat natin kaagad ang pinaghihinalaang maling paggamit ng mga pondo sa mga naaangkop na departamento.

**Sumunod sa mga batas sa Pagkapribado**
Ipinoproseso natin ang Personal na Datos nang alinsunod sa mga naaangkop na batas at alinsunod sa mahuhusay na kagawian sa pagkapribado ng datos at mga pandaigdigang Patakaran.

**Protektahan ang pagkakumpidensyal at integridad ng Impormasyon ng Kumpanya**
Sinusunod natin ang mga pamantayang kasanayan sa proteksyon ng impormasyon upang mapanatili ang pagkakumpidensyal at integridad ng ating sensitibong datos.

**Huwag makisali kailanman sa pangangalakal ng tagaloob**
Hindi tayo kailanman bumibili o nagbebenta ng securities kapag alam natin ang materyal na hindi pampublikong impormasyon tungkol sa PMI o kapag may nalaman tayong materyal na hindi pampublikong impormasyon tungkol sa isang kumpanya na kanegosyo ng PMI.

**Maging matapat sa lahat ng ating komunikasyon**
Tayo ay tumpak, makatotohanan, at hindi nanlilinlang sa lahat ng ating komunikasyon. Hindi tayo dapat magbigay ng mga ipinahihiwatig at/o tahasang pahayag sa kalusugan na nauugnay sa produkto nang walang siyentipikong ebidensya, kahit sa pamilya at mga kaibigan.

**Magsalita ka**
Kapag may nakita tayong mali—o kahit na posibleng mali—nagsasalita at kumikilos tayo.

← ⌂ →
Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
Mga madudulugan



# Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad




Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad**

Mga madudulugan

# Pagtuon sa sustainability

Nagtatrabaho tayo upang maisama ang sustainability sa lahat ng ginagawa natin.





Para sa PMI, mahalaga ang sustainability para sa inobasyon dahil nakikita natin ito bilang isang mahalagang bahagi ng ating komersyal na tagumpay, paglago, at paglikha ng halaga na may layunin, resulta ng epekto, at pangmatagalang panahon. Nagsusumikap tayo nang husto upang maisama ang sustainability sa bawat aspeto ng ating negosyo at mga aktibidad.

Tumutugon ang diskarte ng PMI sa sustainability sa ating mga priyoridad sa Kapaligiran, Lipunan, at Pamamahala sa pamamagitan ng mga istratehiya at layunin na resulta ng epekto, na may ilang nakabalangkas sa 2025 na Roadmap ng PMI. Upang masubaybayan ang ating pag-unlad tungo sa pagkamit ng ating mga layunin sa sustainability, noong 2021, binuo natin ang PMI Sustainability Index, na isang hanay ng mga malinaw na tinukoy at nasusukat na pangunahing indicator ng pagganap, na inilalarawan nang mas detalyado sa Isinamang Ulat ng PMI at sa ating unang ESG KPI Protocol.

Para sa karagdagang impormasyon sa programang sustainability at mga aktibidad ng PMI, mangyaring bisitahin ang: https://www.pmi.com/sustainability.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad**

Mga madudulugan

# Pagprotekta sa ating kapaligiran

Pinangungunahan natin ang daan patungo sa isang mas mahusay at mas sustainable na hinaharap sa pamamagitan ng aktibong pagbawas sa epekto ng ating mga produkto, operasyon, at value chain sa kapaligiran.





Hinaharap natin ang pagbabago ng klima at pinapanatili natin ang mga natural na ecosystem sa ating value chain, at binabawasan natin ang negatibong epekto ng ating mga produkto sa pamamagitan ng pagdisenyo sa mga ito sa paraang gumagamit ng mga materyal sa responsableng paraan at nagpapahusay sa pag-ikot, at sa pamamagitan ng pamamahala sa dulo ng buhay ng ating mga produkto.

Patuloy na pinapabuti ng PMI ang mga aktibidad ng negosyo upang makamit ang mga pinakamataas na pamantayan ng sustainability ng kapaligiran, partikular na sa mga bahagi ng proteksyon sa klima, paglaban sa pagkakalat, eco-design, tubig, basura, at biodiversity. Para sa higit pang impormasyon sa ating mga partikular na pagtuon sa bahaging ito, tingnan ang Patakaran sa Kapaligiran ng PMI.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad**

Mga madudulugan

# Pagbabalik sa ating mga komunidad

Lubos tayong nagmamalasakit sa mga komunidad kung saan tayo nagpapatakbo at nakikipagtulungan tayo sa kanila upang makatulong sa pagtugon sa mga hamon sa lipunan at kapaligiran.



Naaapektuhan natin ang mga komunidad kung saan tayo nagpapatakbo sa positibong paraan sa pamamagitan ng paghangad na matugunan ang mga epekto sa kapaligiran at lipunan na nalilikha kasama ng ating value chain.

Nakatuon ang ating kawanggawang pagbibigay at pamumuhunan sa komunidad sa paghahatid ng mga pagpapahusay sa kalidad ng pamumuhay sa mga lokal na komunidad. Nag-aambag din tayo sa paghahanda sa sakuna at mga pagsisikap sa pagtulong.

Nagbibigay ng kakayahan ang PMI sa mga empleyado na magboluntaryo sa mga kinikilalang kawanggawa at organisasyong pangkomunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng hanggang limang araw sa bawat taon ng kalendaryo para sa mga aktibidad na pagboboluntaryo.

### Ano ang dapat kong gawin?

**T** May lumang kagamitang kompyuter sa aking opisina na hindi na ginagamit, at gusto kong i-donate ito sa isang paaralan sa aking lokal na komunidad. Maaari ko bang gawin ito?

**S** Upang matiyak na nagagawa ang lahat ng panlipunang kontribusyon nang malinaw at responsable, dapat mong suriin at sundin ang ating Patakaran sa mga Kontribusyon sa Lipunan bago gumawa ng anumang donasyon.



Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad**
Mga madudulugan

# Paglahok sa prosesong pampulitika nang responsable

Gumagawa tayo ng positibong pagbabago sa ating buhay at sa ating mga komunidad kapag nakikilahok tayo nang responsable sa prosesong pampulitika.





Naniniwala tayo na ang isang patas at bukas na prosesong pampulitika ay nakapagpapabuti sa ating lipunan. Sa PMI, nakikibahagi tayo sa prosesong pampulitika bilang korporasyong mamamayan, at, saanman tayo nagnenegosyo, sumusunod tayo sa lahat ng lokal na batas sa pagpondo ng kampanya, eleksyon, at lobbying.

Bagama't sinusuportahan natin ang karapatan ng lahat na ipahayag ang kanilang mga paniniwala at lumahok sa prosesong pampulitika, hindi maaaring gamitin ng mga empleyado ng PMI ang oras ng trabaho o mga mapagkukunan ng PMI para sa mga personal na aktibidad sa pulitika.

### Ano ang dapat kong gawin?

**T** Tinutulungan ko ang aking mabuting kaibigan na tumakbo para sa lokal na posisyon. Sa tingin ko, mas maraming tao ang boboto sa kanya kung mag-post ako gamit ang PMI social media account. Puwede ko bang gawin iyon?

**S** Hindi. Malaya kang lumahok sa mga legal at pinahihintulutang personal na aktibidad sa pulitika. Gayunpaman, dapat mong matukoy nang malinaw ang pagkakaiba ng iyong mga pananaw at ang mga pananaw ng Kumpanya at dapat mong tiyaking hindi makakasama ang mga aktibidad mo sa PMI. Magbibigay ng maling impormasyon at maaaring makasama sa reputasyon natin ang paggamit ng social media account ng PMI upang i-promote ang iyong kaibigan.



Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad**
Mga madudulugan



# Paano tayo naghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad:

**Maghatid sa sustainable na paraan**
Nakatuon tayo sa pagsasama ng sustainability sa PMI sa pamamagitan ng paghahatid ng ating mga layunin sa sustainability na itinakda sa 2025 na Roadmap ng PMI.

**Pangalagaan ang ating kapaligiran**
Kumikilos tayo upang maprotektahan ang ating kapaligiran at nauunawaan natin na nakakatulong ang ating mga indibidwal na pagkilos sa atin para maabot ang ating mga nilalayon sa kapaligiran at dinadala tayo nito sa isang mas magandang kinabukasan.

**Makipag-usap nang malinaw tungkol sa ating mga kontribusyon**
Palagi tayong sumusunod sa ating Patakaran sa mga Kontribusyon sa Lipunan. Malinaw tayo tungkol sa mga kontribusyon na ginagawa natin, tinitiyak natin na tumpak na sinasalamin ng ating mga aklat at talaan ang ating mga kontribusyon at inilalahad natin sa publiko ang mga ito bawat taon.

**Makilahok nang responsable sa mga prosesong pampulitika**
Nagsasagawa tayo ng mga aktibidad na pampulitika sa ating sariling oras at sa ating sariling gastos, at nililinaw natin na sa atin ang anumang pananaw na ipinahahayag natin. Ipinapaalam natin sa ating superbisor at isinisiwalat natin ang potensyal na salungatan ng interes na ito para sa pagsusuri sa Pagsunod bago tumakbo para sa isang posisyon. Kung kailangan nating gumawa ng pampulitikang kontribusyon o gumastos sa ngalan ng PMI, dapat muna tayong humingi ng pag-apruba. Sinusunod natin ang mga patakaran tungkol sa pagsisiwalat sa publiko na may kaugnayan sa mga aktibidad sa lobbying. Nakikipag-ugnayan lamang tayo sa mga Opisyal ng Pamahalaan kung may pahintulot na gawin natin ito.

**Magsalita ka**
Kapag may nakita tayong mali—o kahit na posibleng mali—nagsasalita at kumikilos tayo.

Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
**Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad**
Mga madudulugan



# Mga madudulugan

← ⌂ →

Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika

Pagsasabuhay sa ating Pamantayan

Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin

Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho

Paghahatid nang may integridad sa ating merkado

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder

Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad

Mga madudulugan



Sa PMI, lahat tayo ay bahagi ng parehong team na nagtutulungan upang makapaghatid ng walang usok na hinaharap nang *may integridad*. Maraming madudulugan na maaari nating kontakin upang magtanong, magpabatid ng mga alalahanin, o mag-ulat ng mga sitwasyon ng naobserbahan o pinaghihinalaang maling pag-uugali, kabilang ang hindi pagsunod sa Pamantayan sa Pag-uugali ng PMI o anumang Patakaran ng PMI. Makipag-ugnayan sa alinman sa mga sumusunod:

- Iyong superbisor, pinuno ng departamento, o affiliate o pamunuan ng tungkulin;
- Iyong pangunahing kaugnayan sa PMI Ethics & Compliance team;
- Sa kumpidensyal na email address ng Ethics & Compliance team sa PMI.EthicsandCompliance@pmi.com; o
- Sa PMI Compliance Help Line, na isang ikatlong partido na pinapatakbong channel ng pag-uulat na magagamit 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, sa lahat ng wikang sinasalita sa PMI. Maaari kang makipag-ugnayan sa Help Line nang online sa www.compliance-speakup.pmi.com o sa pamamagitan ng telepono sa +1 303-623-0588. Puwede mong gamitin ang PMI Compliance Help Line nang hindi nagpapakilala, nang napapailalim sa mga lokal na batas at regulasyon.

Hindi kinukunsinti ng PMI ang paghihiganti laban sa mga empleyado na nagsasalita nang may mabuting hangarin kaugnay ng isang pinaghihinalaang paglabag sa pagsunod o pakikipagtulungan sa isang pagsisiyasat.

Tingnan ang Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Pagsasalita (PMI-16C) para sa karagdagang impormasyon.


Ang ating kultura at mga prinsipyo sa etika
Pagsasabuhay sa ating Pamantayan
Pagtatanong at pag-uulat ng mga alalahanin
Paghahatid nang may integridad sa ating mga lugar ng trabaho
Paghahatid nang may integridad sa ating merkado
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga shareholder
Paghahatid nang may integridad para sa ating mga komunidad
**Mga madudulugan**

# Para sa karagdagang impormasyon

Mahusay na mga Kasanayan sa Agrikultura (Good Agricultural Practices, GAP) ng PMI

Mahusay na mga Kasanayan sa Conversion para sa IQOS ng PMI

Mga Prinsipyo sa Responsableng Pagkuha (Responsible Sourcing Principles, RSP) ng PMI

Pagtuon ng PMI sa Kapaligiran

Panata ng PMI sa mga Karapatang Pantao

Pamantayan ng PMI M&A sa Naaangkop na Pagsisikap sa Pagsunod

Pamantayan ng PMI sa mga Kasanayan sa Paggawa sa Agrikultura (Agricultural Labor Practices, ALP)

Pamantayan ng PMI sa mga Kontribusyon

Pamantayan ng PMI sa mga Regalo, Pagbiyahe at Mabuting Pakikitungo

Pamantayan ng PMI sa Naaangkop na Pagsisikap at Pagsubaybay

Pamantayan ng PMI sa Pagtatrabaho at Bayad para sa Serbisyo

Pandaigdigang Gabay ng PMI sa Pamamahala ng Impormasyon ng Kumpanya (PMI 1-CG1)

Pandaigdigang Intranet Site ng PMI sa Paglaban sa Katiwalian

Pandaigdigang mga Panlabas na Komunikasyon at Pakikipag-ugnayan ng PMI (PMI 31-C)

Pandaigdigang Pamantayan ng PMI sa Marketing: Disenyo, Marketing at Pagbebenta ng mga Combusted na Produktong Tabako (PMI 04-C)

Pandaigdigang Code ng PMI sa Marketing: Disenyo, Marketing at Pagbebenta ng Mga Produktong Walang Usok (PMI 04A-C)

Pandaigdigang Panuntunan ng PMI sa Social Media (PMI 18-CG2)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Buwis (PMI 15-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Conflicts of Interest (PMI 13-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Integridad ng Lugar ng Trabaho (PMI 2-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Kalidad (PMI 30-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Kapaligiran, Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad (PMI 8-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Kawalan ng Diskriminasyon at Paglaban sa Panliligalig (PMI 43-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Kompetisyon (PMI 5-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa mga Karapatan sa Intelektwal na Ari-arian (PMI 6-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Pangangasiwa ng mga Pagbabayad (PMI 11-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa mga Kontribusyon sa Lipunan (PMI 12-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Seguridad ng Impormasyon (PMI 18-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Pagkilala sa Iyong Kostumer at Paglaban sa Paglihis (PMI 10-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Pagsunod sa mga Parusa at Kalakalan (PMI 9-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Paglaban sa Katiwalian (PMI 14-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Pamamahala sa Impormasyon ng Kumpanya (PMI 1-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Pangangalakal ng Tagaloob (PMI 17-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Proteksyon ng Personal na Datos (PMI 3-C)

Pandaigdigang Patakaran ng PMI sa Regulasyon, Pagpapaunlad at Paggawa ng mga Produkto ng PMI (PMI 7-C)

Pangkaligtasang Hub ng Seguridad at Merkado ng PMI

Plano ng Transisyon ng PMI sa Mababang Carbon

PMIScience.com

Portal ng Pag-apruba sa Pagsunod

PHILIP MORRIS INTERNATIONAL




Bersyon: 2025